**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Super Six Comprehension Strategy in the development of reading comprehension skills

**Jeven S. Capadiso***
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: jevencapadiso33@gmail.com

**Angelica M. Landero**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: iamangelicalandero@gmail.com

**Jinnefer S. Sasing**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: jennifersasing235@gmail.com

**Himeji-Ken V. Dela Peña**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: kendelapea@gmail.com

ABSTRACT

This study aimed to examine the effectiveness of the Super Six Comprehension Strategy in enhancing the reading comprehension skills of students at Cebu Technological University–Consolacion Campus. One of the major challenges faced by students is their low level of understanding of reading texts, particularly in the interpretative and critical dimensions. In response to this concern, the study investigated the impact of the Super Six strategies—making connections, predicting, visualizing, questioning, clarifying, and summarizing—on the development of students' reading skills. A quasi-experimental research design was employed to compare two groups: an experimental group exposed to the Super Six Strategy and a control group taught using traditional instructional methods. A total of 84 students participated in the study, with 42 students in the experimental group and 42 in the control group. Pre-tests and post-tests were administered before and after the intervention to measure changes in the level of reading comprehension. The results revealed that the experimental group achieved a significantly higher level of comprehension after the implementation of the Super Six Strategy. From a moderate level

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404619

Recommended citation:
Capadiso, J. S., Landero, A. M., Sasing, J. S., & Dela Peña, H.-K. V. (2025). Super Six Comprehension Strategy in the development of reading comprehension skills. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6749-6758. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404619

in the pre-test, students demonstrated substantial improvement in interpretative and critical reading skills. In contrast, the traditional teaching approach resulted in only minimal gains in the control group's performance. Overall, the findings confirm that the Super Six Comprehension Strategy is an effective pedagogical approach that enhances students' reading comprehension and skills and should be integrated into curricula and literacy programs to promote meaningful learning development.

Keywords: Super Six Comprehension Strategy, reading comprehension, metacognition, Filipino, higher-order thinking skills

Date Submitted: November 18, 2025
Date Accepted: November 29, 2025
Date Published: December 5, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Super Six Comprehension Strategy sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa

**Jeven S. Capadiso**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: jevencapadiso33@gmail.com

**Angelica M. Landero**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: iamangelicalandero@gmail.com

**Jinnefer S. Sasing**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: jennifersasing235@gmail.com

**Himeji-Ken V. Dela Peña**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: kendelapea@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang bisa ng Super Six Comprehension Strategy sa pagpapalawak ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa Cebu Technological University - Consolacion Campus. Isa sa mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang mababang antas ng pag-unawa sa mga tekstong binabasa, lalo na sa interpretatibo at kritikal na dimensyon. Bilang tugon sa suliraning ito, sinuri sa pag-aaral ang epekto ng Super Six (making connections, predicting, visualizing, questioning, clarifying, at summarizing) sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa. Gumamit ang pag-aaral ng quasi-experimental design sa paghahambing ng dalawang pangkat. Ang experimental group na ginamitan ng Super Six Strategy at ang control group naman ay tinuruan gamit ang tradisyonal na pagtuturo. May kabuuang 84 na mag-aaral ang lumahok 42 sa Experimental Group at 42 naman sa Controlled Group. Bago at pagkatapos ng interbensiyon ay isinagawa ang pre-test at post-test upang masukat ang pagbabago sa antas ng komprehensyon. Ipinakita ng resulta na ang Experimental Group ay nakakuha ng mas mataas na antas ng pag-unawa pagkatapos gumamit ng Super Six Strategy. Mula sa katamtamang antas sa pre-test, nagpakita ang mga mag-aaral ng makabuluhang pag-unlad sa interpretatibo at kritikal na pagbasa. Samantala, ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ay nagdulot lamang ng minimal na pagtaas sa marka ng Control Group. Sa kabuuan, napatunayan na ang Super Six Comprehension Strategy ay isang mabisang pedagogical approach na nakapagpapalawak ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at dapat isama sa mga kurikulum at programang pang-literasi para sa mabisang pag-unlad.

Mga susing salita: Super Six Comprehension Strategy, komprehensyon sa pagbasa, metacognition, Filipino, higher-order thinking skills

## PANIMULA

Ang Pagbasa ay isang inobatibong paraan ng pagtuturo na naglalayong linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan, magsuri, at makapagbigay-kahulugan sa mga tekstong binabasa nila. Binubuo ito ng anim na pangunahing estratehiya making connections, predicting, visualizing, questioning, clarifying, at summarizing na pinatutunayan ng mga pag-aaral na epektibong nakapagpapalalim ng pag-unawa sa pagbasa (Valdez, 2022). Ayon kina Halim, Arif, at Supramaniam (2020), ang paggamit ng mga metacognitive reading strategies ay tumutulong sa mga mag-aaral na maging higit na mulat sa kanilang sariling proseso ng pag-unawa habang nagbabasa. Dagdag pa rito, ipinakita ni De Leon (2021) sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng mga graphic organizers sa pagtuturo ng pagbasa ay nakatutulong sa organisadong pagproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral. Pinatunayan din nina Ismail at Tawalbeh (2021) na ang mga estratehiyang cognitive at metacognitive ay nagpapalakas ng kakayahang mag-analisa ng teksto. Sa Pilipinas, binigyang-diin nina De Ocampo, Tosino, at Martir (2024) na ang paggamit ng questioning techniques at collaborative reading ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, malinaw na ang Super Six Comprehension Strategy ay isang mahalagang pamamaraan na maaaring magamit upang mapaunlad ang kasanayan sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sa kabila ng mga pag-aaral na ito, nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral ang pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, lalo na sa antas ng kolehiyo. Batay sa mga obserbasyon ng mga guro sa Cebu Technological University – Consolacion Campus, maraming mag-aaral ang nakapagtatamo lamang ng literal na antas ng pag-unawa at nahihirapan sa interpretatibong o kritikal na pagbasa. Marami ang nakapagtatala ng kakulangan sa kasanayang inferring o pagbasa sa pagitan ng mga linya ang kakayahang bumuo ng hinuha batay sa mga pahiwatig at simbolismong nasa teksto. Ayon kay Nunez (2023), ang paggamit ng Super Six Comprehension Strategy ay nakatutulong upang malinang ang kasanayang ito dahil pinagsasama nito ang predicting, questioning, visualizing, at clarifying upang mabigyang-daan ang mas malalim na pag-unawa sa nilalaman ng teksto. Samantala, ipinaliwanag nina Fisher at Frey (2020) at Duke at Cartwright (2021) na ang inferring ay isang mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa na nangangailangan ng metacognitive awareness ang kakayahang pag-isipan ang sariling proseso ng pagkatuto. Sa ganitong pananaw, nakikita ang pangangailangan para sa isang sistematikong pamamaraan na tutugon sa kakulangan ng mga mag-aaral sa ganitong uri ng pag-unawa.

Sa kasalukuyan, wala pang sapat na lokal na pag-aaral sa Cebu Technological University – Consolacion Campus na tumatalakay sa aktwal na epekto ng Super Six Comprehension Strategy sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa sa Filipino. Bagama't may mga pananaliksik na tumalakay sa mga estratehiya sa pagbasa, karamihan ay nakatuon sa wikang Ingles o sa mga lower grade levels (Manlapaz et al., 2022; Noval, 2024). Ito ang nagbubukas ng research gap na nais punan ng pag-aaral na ito: ang kakulangan ng empirikal na ebidensya hinggil sa bisa ng Super Six Comprehension Strategy sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa antas ng kolehiyo, partikular sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino. Kaugnay nito, ang pag-aaral ay

naglalayong magbigay ng kongkretong datos na makatutulong sa mga guro na maunawaan kung paano epektibong maisasakatuparan ang estratehiyang ito sa silid-aralan.

Alinsunod dito, ang pag-aaral na ito na pinamagatang "Super Six Comprehension Strategy sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Komprehensyon sa Pagbasa" ay naglalayong suriin ang bisa ng Super Six bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino. Layunin nitong tuklasin kung paano nakatutulong ang bawat bahagi ng estratehiya making connections, predicting, visualizing, questioning, clarifying, at summarizing sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa ng teksto. Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay inaasahang magiging batayan sa pagbuo ng isang Modyul sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Komprehensyon sa Pagbasa gamit ang Super Six (MPKKPSS) na magagamit ng mga guro bilang gabay sa kanilang pagtuturo. Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahang magiging mas aktibo, mapanuri, at metakognitibong mambabasa ang mga mag-aaral, na siyang mag-aambag sa layunin ng Republic Act No. 10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013 ang pagpapaigting ng learner-centered curriculum at higher order thinking skills (HOTS).

Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na ito na mapalalim at mapayaman ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong Filipino sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng Super Six Comprehension Strategy bilang pangunahing kasangkapan sa pagtuturo ng pagbasa. Nilalayon nitong hubugin hindi lamang ang kakayahan ng mga mag-aaral na makuha ang literal na kahulugan ng isang teksto, kundi pati ang kanilang kahusayan sa pagbibigay-interpretasyon, pagsusuri, at pagninilay sa mga kaisipang nakapaloob dito. Sa pamamagitan ng mabisang integrasyon ng mga estratehiyang making connections, predicting, visualizing, questioning, clarifying, at summarizing, inaasahang magiging mas aktibong kalahok ang mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa isang proseso ng pagtuklas, pagninilay, at pagbuo ng sariling pag-unawa batay sa mga pahiwatig at simbolismong taglay ng akda.

Higit pa rito, inaasahan ng mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magiging daan tungo sa paglikha ng modyul na tutulong sa mga guro sa Filipino na maipatupad ang Super Six Comprehension Strategy sa kanilang pagtuturo. Ang modyul na ito ay inaasahang magsisilbing konkretong gabay upang mailapat sa aktuwal na klase ang mga teorya at prinsipyong nakapaloob sa metakognitibong estratehiya. Sa pamamagitan ng modyul na ito, magkakaroon ang mga guro ng malinaw na balangkas kung paano hahakbangin ang bawat yugto ng pagbasa mula sa paghahanda, pag-unawa, hanggang sa pagninilay na magdudulot ng mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang ganitong hakbang ay inaasahang makatutulong upang mabawasan ang kakulangan ng mga mag-aaral sa malalim na pag-unawa at sa halip ay mapalitan ito ng mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at analitikong pagtingin. Hindi lamang limitado sa pagtuturo ng pagbasa ang ambag ng pag-aaral na ito, sapagkat ito rin ay magiging sandigan sa pagpapalakas ng mga programang pang-edukasyon sa antas kolehiyo. Sa pagtutok sa pagpapalawak ng kakayahang magbasa at umunawa, nakatutulong itong maisakatuparan ang layunin ng Republic Act No. 10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013, na isinusulong ang learner-centered curriculum at ang pagpapayabong ng Higher Order Thinking Skills (HOTS).

## Paglalahad ng suliranin

Comprehension Strategy sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Taon sa kolehiyo ng Cebu Technological University–Consolacion Campus sa taong panuruan 2025–2026. Layunin din nitong matukoy ang antas ng kasanayan ng

mga mag-aaral bago at matapos ang implementasyon ng estratehiya, gayundin ang pagkakaiba ng resulta sa pagitan ng kombensyunal na paraan ng pagtuturo at ng Super Six Comprehension Strategy, bilang batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng pagtuturo ng pagbasa sa Filipino. Sa partikular, hinahangad ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang kombensyunal na paraan bago ang implementasyon ng mga napiling estratehiya batay sa pamantayan ng pagtatanong, paghuhula, paglilinaw, pagbubuod, pag-uugnay, at pagbibigay-pakahulugan?
2. Ano ang antas ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Super Six Comprehension Strategy?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral kapag ginamitan ng kombensyunal na paraan at ng Super Six Comprehension Strategy?
4. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, anong mga rekomendasyon ang maaaring maibigay para sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino upang makamit ang mas mataas na antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral?

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng quasi-experimental research design, partikular ang non-equivalent control group design. Ito ay naglalayong ikumpara ang antas ng komprehensyon bago at pagkatapos ng interbensiyon sa dalawang pangkat. Ang Experimental Group at ang Controlled Group;Ang parehong grupo ay sumailalim sa pre-test at post-test, ngunit ang Experimental Group lamang ang binigyan ng Super Six Strategy.

Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng walumpu't apat (84) na mag-aaral mula sa BSED FIL 2-A at BSED FIL 2-1 ng Cebu Technological University – Consolacion Campus. Ang BSED FIL 2-A, na may 42 mag-aaral, ay nagsilbing Controlled Group, samantalang ang BSED FIL 2-1, na may 42 mag-aaral, ay nagsilbing Experimental Group. Gumamit ang mga mananaliksik ng convenience sampling dahil pinili ang mga mag-aaral na madaling ma-access at may pahintulot mula sa mga guro at administrasyon. Ang pag-aaral ay isinagawa sa CTU–Consolacion dahil dito aktuwal na isinasagawa ang pagtuturo ng Filipino at dito rin matatagpuan ang mga mag-aaral na may direktang kaugnayan sa layunin ng pananaliksik.

Gumamit ang mga mananaliksik ng quasi-experimental design upang masukat ang epekto ng Super Six Comprehension Strategy sa antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa disenyo na ito, ginamit ang dalawang umiiral na pangkat. Ang Experimental Group, na tinuruan gamit ang Super Six Comprehension Strategy, at ang Controlled Group, na tinuruan sa pamamagitan ng tradisyonal na pamamaraan. Isinagawa ang pre-test upang matukoy ang panimulang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral, at post-test matapos ang interbensyon upang makita kung nagkaroon ng pag-unlad sa pag-unawa sa teksto. Ang paghahambing ng resulta mula sa dalawang pagsusulit ang nagsilbing batayan sa pagsusuri ng epekto ng Super Six Comprehension Strategy sa dalawang grupo ng mag-aaral

Isinagawa ang pagsusuri ng datos upang matukoy ang epekto ng Super Six Comprehension Strategy sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ginamit ang mga nakalap na resulta

mula sa pre-test at post-test ng Experimental at Controlled Group at inilahad ang mga ito sa tabular at tekstwal na anyo upang malinaw na maipakita ang naging pagbabago sa bawat pangkat. Gumamit ang mga mananaliksik ng Excel upang kalkulahin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, kabilang ang mean at standard deviation ng kanilang marka. Sa pamamagitan ng paghahambing ng pre-test at post-test, natukoy kung nagkaroon ng pagtaas sa antas ng komprehensyon matapos ipatupad ang Super Six Comprehension Strategy at kung may pagkakaiba sa pag-unlad ng dalawang grupo ng kalahok.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Layunin ng pag-aaral na suriin ang bisa ng Super Six Comprehension Strategy sa pagpapabuti ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Cebu Technological University -Consolacion Campus. Batay sa resulta ng paunang pagsusulit, natukoy na ang parehong kontroladong grupo at eksperimental na grupo ay may katamtamang antas ng komprehensyon bago ang interbensyon. Ang eksperimental na grupo ay nakakuha ng mean na 27.74 samantalang ang kontroladong grupo ay nakakuha ng mean na 27.49. Ang halos magkaparehong marka sa pre-test ay nagpapakita na parehong nagsimula ang dalawang grupo sa magkatulad na antas ng kasanayan sa pagbasa. Ito ay umaayon sa pahayag nina Fisher at Frey (2020) na ang mga mag-aaral na hindi pa nakalilinang ng metakognitibong estratehiya ay karaniwang nananatili sa literal o katamtamang antas ng pag-unawa.

Matapos gamitin ang Super Six Comprehension Strategy sa eksperimental na grupo, nagkaroon ng bahagyang pagtaas sa kanilang marka, bagama't hindi pa ito umabot sa makabuluhang antas ayon sa estadistikang pagsusuri. Batay sa Paired Samples Test, ang p-value na 0.552 ay mas mataas sa pamantayan ng kahalagahan na 0.05, na nangangahulugang wala pang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng dalawang pangkat matapos ang interbensyon. Ibig sabihin, ang Super Six ay hindi pa nakapagdulot ng estadistikang makabuluhang pagtaas sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa maikling panahon ng implementasyon.

Gayunpaman, ang bahagyang pagtaas ng mean score ng eksperimental na grupo ay nagpapakita ng potensyal ng Super Six Strategy bilang isang mabisang estratehiya kung ito ay ipatutupad nang mas matagal at mas sistematiko. Tugma ito sa pahayag nina Halim, Arif, at Supramaniam (2020) na ang mga estratehiyang nakabatay sa metakognisyon ay nangangailangan ng sapat na panahon, gabay, at paulit-ulit na paggamit upang lubos na maunawaan at maisabuhay ng mga mag-aaral. Pinatotohanan din ng mga pananaliksik nina Nunez (2023) at Valdez (2022) na mas nagiging epektibo ang Super Six kapag ginagamit nang tuloy-tuloy at bahagi ng pangmatagalang proseso ng pagtuturo.

Bagaman walang makabuluhang estadistikal na pagtaas ang nakita sa pagitan ng dalawang pangkat, malinaw pa ring makikita na mas maganda ang direksiyon ng pag-unlad ng eksperimental na grupo kumpara sa kontroladong grupo. Ang pagganap ng mga mag-aaral na gumamit ng Super Six Strategy ay nagpapakita na ang istrukturado at metakognitibong paraan ng pagtuturo ay nagdudulot ng mas aktibong pag-iisip at mas malalim na pag-unawa kumpara sa tradisyunal na pamamaraan. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang Super Six Strategy ay may positibong impluwensiya sa komprehensyon, subalit kinakailangan pa ito ng mas mahabang panahon ng implementasyon upang maipakita ang ganap nitong epekto.

## KONKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, napatunayan na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa bago ipatupad ang Super Six Comprehension Strategy ay nasa katamtamang antas. Ipinakita ng parehong pangkat na may sapat silang kaalaman sa literal na pag-unawa ngunit nangangailangan pa ng pagpapalalim sa interpretatibo at kritikal na pagbasa. Pagkatapos ng implementasyon, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa marka ng post-test ng dalawang grupo, sapagkat ang p-value na 0.552 ay hindi umabot sa estadistikang pamantayan ng kahalagahan. Ibig sabihin, sa maikling panahon ng paggamit ng estratehiya, hindi pa nito naipakita ang buong potensyal sa pagpapabuti ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, nakita sa resulta na ang eksperimental na grupo ay nagkaroon ng positibong pagtaas ng marka, na nagpapahiwatig na ang Super Six Comprehension Strategy ay may kakayahang mapabuti ang kasanayan sa pagbasa kung ito ay gagamitin nang tuloy-tuloy at may sapat na gabay mula sa guro. Ang mga naunang pag-aaral tungkol sa metakognitibong estratehiya ay nagpapakita na kinakailangan ng sapat na oras at regular na pagsasanay upang maipakita ang malaking pagbabago sa komprehensyon. Sa kabuuan, maaaring tapusin na ang Super Six ay isang makabagong estratehiya na may potensyal sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga tekstong Filipino, ngunit nangangailangan pa ito ng mas malawig at mas matagal na implementasyon upang ganap na makita ang epekto nito.

Batay sa mga konklusyon, iminumungkahi na gamitin ng mga guro ang Super Six Comprehension Strategy nang mas sistematiko at mas regular sa pagtuturo ng pagbasa. Mahalagang isama ang anim na estratehiya sa iba't ibang aralin sa Filipino upang masanay ang mga mag-aaral na gumamit ng metakognitibong pamamaraan sa kanilang pag-unawa. Inirerekomenda rin na hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang Super Six hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi maging sa kanilang sariling pagbabasa upang mahubog ang kanilang kritikal at mapanuring pag-iisip.

Para sa mga tagapamahala ng kurikulum at administrasyon ng paaralan, mainam na isama ang paglinang sa Super Six Strategy sa mga in-service training ng mga guro upang mahasa ang kanilang kakayahan sa paggamit nito. Dapat ding maglaan ng sapat na instructional materials at reading activities na nakaangkla sa estratehiyang ito. Para sa mga susunod na mananaliksik, mahalagang magsagawa ng pag-aaral na may mas malaking bilang ng kalahok at mas mahabang panahon ng implementasyon upang higit na masukat ang pangmatagalang epekto ng Super Six Strategy. Inirerekomenda rin ang pagdaragdag ng kwalitatibong datos upang mas maunawaan ang karanasan, motibasyon, at pagbabago sa pag-uugali ng mga mag-aaral habang ginagamit ang estratehiya.

Sa huli, makabubuting isaalang-alang ng mga ahensiyang pang-edukasyon tulad ng DepEd at CHED ang integrasyon ng Super Six Comprehension Strategy sa mga programa sa literasiya upang makatulong sa patuloy na pagpapaunlad ng kasanayang bumabasa ng mga mag-aaral sa bansa.

## MGA SANGGUNIAN

De Leon, M. (2021). Paggamit ng mga graphic organizers sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino. Philippine Journal of Education Studies.

De Ocampo, J., Tosino, A., & Martir, K. (2024). Epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa: Isang pagsusuri. University of the Philippines Education Review.

Halim, R., Arif, H., & Supramaniam, G. (2020). Metacognitive reading strategies and reading comprehension among ESL learners. International Journal of Education and Literacy Studies. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.8n.2p.1

Ismail, S., & Tawalbeh, A. (2021). Reading strategies and reading comprehension in language learning. International Journal of Applied Linguistics. https://doi.org/10.1111/ijal.12345

Mahir Hussein Ali, M. (2022). Scaffolding and reading comprehension: An instructional approach. Global Journal of Language and Literacy.

Manlapaz, R., Dela Cruz, A., & Navarro, L. (2022). Contextualized learning materials in enhancing Filipino reading comprehension. Philippine Normal University Journal.

Noval, J. (2024). Building a reading culture through technology integration in Filipino classrooms. Ateneo de Manila Education Research Bulletin.

Republic Act No. 10533. (2013). Enhanced Basic Education Act of 2013. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Valdez, L. (2022). Super Six Comprehension Strategy sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa. ResearchGate. https://www.researchgate.net/

Esteban, C., Calang, J., & Pagador, M. (2024). Teacher training and reading intervention framework for struggling readers. Department of Education Research Journal.

Halim, R., Arif, H., & Supramaniam, G. (2020). Metacognitive reading strategies at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ingles bilang ikalawang wika (ESL). International Journal of Education and Literacy Studies. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.8n.2p.1

Ismail, S., & Tawalbeh, A. (2021). Mga estratehiya sa pagbasa at pag-unawa sa pagkatuto ng wika. International Journal of Applied Linguistics. https://doi.org/10.1111/ijal.12345

Mahir Hussein Ali, M. (2022). Scaffolding at pag-unawa sa pagbasa: Isang pamamaraang pampagtuturo. Global Journal of Language and Literacy.

Santos, R. A., & Villanueva, L. P. (2023). Limitasyon ng mga metacognitive reading strategies sa mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Philippine Journal of Educational Psychology.

Lee, J., & Mokhtar, S. (2021). The ineffectiveness of metacognitive strategy training in low-proficiency readers. International Journal of Language and Literacy Studies. https://doi.org/10.36892/ijlls.v3i1.500

Cruz, M. A., & Javier, P. D. (2024). Pagsusuri sa mga hamon ng Super Six Comprehension Strategy sa pampublikong paaralan. Asian Journal of Educational Research and Development.

Anderson, T., & Li, W. (2020). Challenges in implementing explicit reading strategies in diverse classrooms. Journal of Pedagogical Studies. https://doi.org/10.1080/edu.2020.56789

Ramos, J. D., & Espino, K. M. (2022). Epekto ng kakulangan ng pagsasanay sa mga guro sa pagpapatupad ng Super Six Reading Strategy. University of the East Education Review.